HEKASI 5

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# PAMAMAHALA NG MGA ESPANYOL (PAMAHALAANG SENTRAL)


**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

## GRADE V

# PAMAMAHALA NG MGA ESPANYOL
# (Pamahalaang Sentral)



## ALAMIN MO

Nagbago ang pamamahala sa Pilipinas nang dumating ang mga Espanyol. Sinakop nila ang Pilipinas sa loob ng mahigit sa tatlong dantaon, mula 1565 hanggang 1898. Sa panahong ito, umiral ang pamahalaang kolonyal dahil ang Pilipinas ay naging isang kolonya o bansang sakop ng Espanya.

Mapag-aaralan mo sa modyul na ito kung paano ang pamamahalang ginawa ng mga Espanyol nang magtatag sila ng pamahalaang sentral. Inaasahang matatapos mo ang lahat ng gawain nang buong kasiyahan.



## PAGBALIK-ARALAN MO

Naaalala mo pa ba ang iyong napag-aralan tungkol sa ating pamahalaan noong Unang Panahon? Sagutin ang *word puzzle*. Isulat sa loob ng bawat kahon ang angkop na titik para mabuo ang sagot. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | | | | | | B | | | | | | | Y |
| 2 | | | | | | A | | L | | | | | |
| 3 | | | | | | T | | | | | | | |
| 4 | | A | | | | A | | | | | | | |
| 5 | | | N | | | Y | | | | | | | |

1. Ano ang tawag sa pamahalaan ng Unang Pilipino?
2. Sino ang namamahala sa mga gawaing panrelihiyon?
3. Sino and pinuno sa barangay?
4. Sino ang mga taong bumubuo sa lupon na tumutulong sa pinuno?
5. Sino ang namamahala sa paggawa ng nga kasangkapan?




## PAG-ARALAN MO

Anong uri ng pamamahala ang itinatag ng mga Espanyol nang masakop nila ang malaking bahagi ng Pilipinas?

Nang masakop ng mga Espanyol ang malaking bahagi ng Pilipinas, nagtatag sila ng pamahalaang sentral upang madali ang pamamahala sa buong bansa.

Ang pamahalaang sentral ang namahala sa buong kapuluan maliban sa ilang lugar sa Mindanao at sa rehiyong Cordillera ng Luzon.

Tunghayan ang balangkas ng organisasyon na itinatag ng mga Espanyol. Ang nakasulat sa loob ng panaklong ( ) ay tumutugon sa namumuno.



Kung ihahambing natin sa kasalukuyan, ang Gobernador-Heneral ay katumbas ng Pangulo ng Pilipinas ngayon. Ang Alcalde-Mayor ay katumbas naman ng Gobernador ng isang lalawigan. Ang Gobernadorcillo ay katumbas ng Mayor ng isang munisipyo o lungsod at ang Cabeza de Barangay ay katumbas naman ng Punong Barangay ngayon.

Paano napili ang Gobernador-Heneral?

Ang gobernador-heneral ang pinakamataas na opisyal sa bansa sapagkat siya ay hinirang ng Hari ng Espanya. Siya ang kinatawan ng hari at may titulong **Vice royal patron**.

Ano ang mga tungkuli ng isang Gobernador-Heneral?

Ang mga tungkulin ng isang gobernador-heneral ay (1) pagpapatupad ng mga batas at kautusan ng hari ng Espanya, (2) pamumuno sa sandatahang lakas ng bansa, (3) humirang at mag-alis ng mga iba pang pinuno sa bansa maliban sa mga hinirang ng hari, (4) magrekomenda ng mga pari para mangasiwa sa mga parokya, (5) mamagitan sa mga alitan at hindi pagkakasundo ng mga pinuno ng simbahan, at (6) gumawa ng sariling batas sa pamamagitan ng dekreto superior na ang bisa ay parang tunay na batas.

Ang gobernador-heneral ang tagapangulo ng *Audencia* o mataas na hukuman. Ang paggawa ng batas ay nasa kamay ng gobenador-heneral at hari ng Espanya.

Ilalahad mo ngayon sa pamamagitan ng isang concept map ang mga tungkulin ng isang Gobernador-Heneral.

Tungkulin ng Gobernador-Heneral →

1. tagapatupad ng mga batas galing sa Espanya.
2.
3.
4.
5.
6.

Ano ang karapatan ng isang Gobernador-heneral?

Ang gobernador-heneral ay may karapatang pigilin ang pagpapatupad ng mga batas mula sa Espanya kung talagang kinakailangan. Ito ay tinatawag na *cu'mplase*.

Paano malalaman ng Hari ng Espanya ang pamamalakad ng mga opisyal?

Ang *residencia* ay itinatag ng Hari ng Espanya para gumawa ng hayag na pagsisiyasat sa mga opisyal at kawani ng pamahalaan sa pagtatapos ng kanilang panunungkulan. Dito malalaman kung may karaingan laban sa opisyal at parurusahan kung may kasalanan.

Ang *Visita* ay pagpapadala ng isang opisyal na tinatawag na *Visitador-general* para gumawa ng lihim na pagsisiyasat tungkol sa mga gawain at gawi ng mga nanungkulan sa pamahalaan. Maaring suspendihin o pagmultahin ang sinumang opisyal na mapapatunayang nagkasala.

## PAGSANAYAN MO

A. Buuin ang *Data Retrieval Chart*. Isulat ang kinakailangang datos sa kuwaderno.Ang unang bilang ay ginawa na.

| ANG GOBERNADOR-HENERAL | |
|---|---|
| 1. Proseso ng pagpili | Hari ng Espanya ang pumipili |
| 2. Titulo | V |
| 3. Tungkulin | a. |
| | b. |
| | c. |
| | d. |
| | e. |
| | f. |
| 4. Karapatan | a. |

B. Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa kwaderno.

1. Ano ang itinatag ng mga Espanyol nang masakop nila ang malaking bahagi ng Pilipinas?

2. Bakit itinatag ang ganitong uri ng pamamahala?

3. Sino ang pinakamataas na opisyal?

4. Sino ang kinakatawan ng pinakamataas na opisyal?

5. Ano ang tungkulin ng gobernador-heneral hinggil sa mga batas at kautusan ng hari ng Espanya?

6. Ano ang pinamumunuan ng gobernador-heneral?

7. Sino ang hindi maaaring alisin ng gobernador-heneral sa kanyang katungkulan?

8. Sino ang nangangasiwa sa mga parokya?

9. Ano ang tawag sa batas na ginawa ng isang gobernador-heneral?

10. Ano ang tawag sa karapatan ng isang gobernador-heneral para pigilin ang pagpapatupad sa batas mula sa Espanya?

11. Ano ang tawag sa mataas na hukuman?

12. Bakit itinatag ng hari ng Espanya ang <u>residencia</u>?

13. Bakit ginawa ang Visita?

14 Ano ang maaaring gawin sa mga napatunayang may sala?

## TANDAAN MO

- Itinatag ng mga Espanyol ang pamahalaang sentral upang higit na maging madali ang kanilang pamamahala.

- Ang Gobernador-heneral ay hinirang ng hari ng Espanya para mamuno sa pamahalaang sentral.

- Ang Gobernador-heneral ay maraming tungkulin at karapatan sa pamamahala.

## ISAPUSO MO

Kung ikaw ay nahirang ng Hari ng Espanya para maglingkod na Gobernador-heneral, paano ang gagawin mong pamamalakad ng pamahalaan? Isulat ang iyong paliwanag sa iyong kuwaderno.

## GAWIN MO

Sa ating pamahalaan sa kasalukuyan, sino ang Pangulo ng ating bansa? Alin sa mga tungkulin ng Gobernador-heneral ang kasama sa mga tungkulin niya ngayon? Isulat ang sagot sa kuwaderno.



## PAGTATAYA

Basahin ang bawat aytem at isulat sa kuwaderno ang titik ng tamang sagot.

1. Alin ang dahilan kung bakit itinatag ng Espanya ang pamahalaang sentral?
    A. Maraming Espanyol ang magkakaroon ng trabaho.
    B. Madali ang pamamahala sa buong bansa.
    C. Ayaw manungkulan ang mga Espanyol sa Pilipinas.
    D. Kulang ang perang pambayad ng sweldo.

2. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** tungkulin ng Gobernador-heneral?
    A. magpatupad ng batas at kautusan
    B. mamuno sa sandatahang lakas
    C. mamuno sa mga halalan sa lalawigan
    D. magrekomenda ng mga pari na mamumuno sa mga parokya

3. Alin sa mga sumusunod ang karapatan ng Gobernador-heneral?
    A. magpawalang-bisa ng kasal
    B. pigilin ang pagpapatupad ng batas
    C. gumawa ng sariling batas
    D. magsaayos ng mga alitan ng mga pari


4. Bakit itinatag ng Hari ng Espanya ang <u>residencia</u>?
    A. masiyasat nang hayag ang mga opisyal
    B. masiyasat nang palihim ang mga opisyal
    C. maparusahan ang opisyal
    D. makakuha ng pera

5. Bakit naghirang ang Hari ng Espanya ng isang Visitador-heneral?
    A. mangolekta ng buwis
    B. maglapat ng parusa sa maysalang opisyal
    C. gumawa ng lihim na pagsisiyasat tungkol sa mga gawain at gawi ng mga nanunungkulan
    D. palitan ang batas na hindi sinasang-ayunan ng Gobernador-heneral

6. Ano ang maaaring mangyari sa opisyal maliban sa masususpendi kung mapapatunayang nagkasala?
    A. pauuwiin sa Espanya
    B. itatapon sa malayong lugar
    C. ilalagay sa karsel
    D. pagmultahin

## PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

Ang sentro ng pamahalaan natin ngayon ay nasa Malakanyang na pinamumunuan ng Pangulo ng Pilipinas. Magsaliksik tungkol sa kanyang mga tungkulin. Gumawa ng paghahambing ukol sa tungkulin ng Gobernador-heneral noon at ang ating Pangulo ngayon. Anong mga tungkulin ang wala sa ating Pangulo ngayon? Isulat sa kuwaderno ang iyong mga sagot.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.